

## Ano ang Graduation Transition Plan?

Ang Graduation Transition Plan ay isang kinakailangang programa sa Grades 10,11 at 12 na nagbibigay ng 4 na kredito. Sa programang ito, malayang nagtatrabaho at pinapakita ng mga mag-aaral ang pagtugon sa mga sumusunod na pangangailangan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga kawani ng paaralan:

- sa Personal na Kalusugan, panatilihin ang personal na plano para sa kalusugan at pakikilahok sa 150 minuto na katamtaman at matulin na pisikal na pagsasanay bawa't linggo.
- sa Koneksiyon sa Komunidad, pakikipaglahok sa 30 oras ng karanasan sa pagtatrabaho at/o pagserbisyo sa komunidad at paglarawan ng mga natutunan; at
- sa Buhay at Karera, pagkumpleto ng transition plan at pagprisinta ng mga makabuluhang kabutihan o tagumpay na nagawa.

For more information, please see brochure entitled **Graduation Transitions**.

## Ang graduation requirements ba kapareho ng university/college entrance requirements?

Hindi. Kailangan kumpletuhin ng mag-aaral ang lahat ng graduation requirements upang makatanggap ng 'Dogwood Certificate' o graduation certificate. Ang mga post-secondary institutions (kolehiyo o unibersidad) ay nagtatakda ng kaniya-kaniyang entry requirements. Bawa't departamento sa loob ng mga institusyon ay maari ding mangailangan ng tiyak na kurso. Kailangang kausapin ng mga magaaral ang kanilang guro-counselor upang makagawa ng plano na makatutulong sa indibidwal nilang pangangailangan.



VSB

### "Graduation Requirements in BC"

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# Graduation Requirements sa BC



**Mahalagang Impormasyon tungkol sa Pagtatapos sa Mataas na Paaralan**

### Ano ang graduation requirements?

Ang Graduation requirements ay tiyak na mga kurso na kailangan kunin ng bawa't mag-aaral sa mataas na paaralan upang makamit ang "Dogwood Certificate" o graduation certificate. Ang mga kailangang kurso (subjects) ay binubuo ng sumusunod:

- mandatory o kailangan na mga kurso ayon sa Ministry of Education;
- elective, mga kursong pinipili ng mag-aaral ayon sa kaniyang interes; at
- Graduation Transition Plan.

Ang bawa't kurso ay nagbibigay ng kredito at kinakailangan ng bawa't mag-aaral ang 80 credits para makapagtapos. Ito ay binubuo ng sumusunod:

- 48 credits na mandatory o kailangan na mga kurso;
- 28 credits ng elective o kursong pinipili ng mag-aaral; at
- 4 credits para sa Graduation Transition Plan.

### Aling mga kurso (subjects) ang kailangan sa bawa't grade level?

Ang sumusunod na table ay nagpapakita kung aling kurso ang nire-require ng Ministry of Education sa bawa't grade level.

COURSE	GRADE 10	GRADE 11	GRADE 12
ENGLISH COMMUNICATIONS	Kailangan	Kailangan	Kailangan
SOCIAL STUDIES	Kailangan	Kailangan	
SCIENCE	Kailangan	Kailangan	
MATHEMATICS	Kailangan	Kailangan	
PHYSICAL EDUCATION	Kailangan		
PLANNING 10/ GRADUATION TRANSITIONS	Kailangan	Kailangan	Kailangan
OTHER:	Fine Arts 10 o Applied Skills 10	Fine Arts 11 o Applied Skills 11	Fine Arts 12 o Applied Skills 12  12 na kredito galing sa ibang Grade 12 na kurso (kadalasan ang bawa't kurso ay binibigyan ng 4 na kredito bawa't isa.

### Ano ang elective na kurso (subjects)?

Ito ang mga kurso na pinipili ng mag-aaral ayon sa kaniyang interes. Ang bilang at uri nito ay nagiiba-iba sa bawa't paaralan. Maaring buuin ito ng indibidwal na board of education, pero inaaprubahan ng Ministry of Education.

